



Naaangkop pa rin ba ang mga kinakailangan sa pagsusuot ng mask kapag nasa loob? Oo.

Sa [mga limitadong eksepsyon](#), ang [kinakailangan sa pagsusuot ng mask](#) ([Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Bilang 21-03](#)) ng Alameda County para sa mga pampublikong lugar ay mananatiling ipapatupad sa lahat ng nasa edad na dalawang taon at pataas. Patuloy na hihilingin ng State ang mga pagsusuot ng mga panakip sa mukha para sa lahat ng taong hindi nabakunahan sa mga pampublikong lugar at sa lahat, anuman ang katayuan sa pagpapabakuna, sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, pampublikong transportasyon, mga paaralan ng K-12 at mga pasilidad para sa pangangalaga ng nasa hustong at matanda. Ang mga hindi kasama sa pagsusuot ng mask sa ilalim ng Kautusang ito ay pinapayagang mag-alis ng mga mask sa **mga lugar** na may kontroladong access kung saan palaging nagkikita ang mga tao at kung saan ang **lahat ay fully vaccinated**.

Ano ang nagbago sa mga hindi kasama sa pagsusuot ng mask kapag nasa loob?

Pinapayagan ng [Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Bilang 21-04](#) ang pag-aalis ng mga panakip sa mukha sa mga lugar na may kontroladong access, tulad ng mga nasa loob (indoor) na opisina, gym at iba pang pasilidad para sa fitness, mga sasakyan para sa pagko-commute ng empleyado, mga pagtitipon sa relihiyon at lahat ng iba pang inorganisang pagtitipon ng mga tao na palaging nagkikita kung saan makikita ang **lahat** ng sumusunod na kondisyon:

- Hindi hihigit sa 100 tao ang naroon;
- Nakokontrol ng employer o host ang access sa lugar, at ang lugar ay hindi bukas sa pangkalahatang publiko;
- Kukumpirmahin ng employer o host na ang bawat indibiduwal na papasok sa loob ay fully vaccinated ng bakuna para sa COVID-19;
- Pipigilan ng employer o host ang pagpasok sa loob ng sinumang indibiduwal na nagpapakita ng o

sasabihing may mga sintomas na nauugnay sa COVID-19, tulad ng ubo o lagnat, at magpapaskil ng mga karatula sa labas ng lugar na nagtataguyod ng pagsusuri sa sarili para sa mga sintomas; at

- Magpapanatili ang employer o host ng listahang tumutukoy sa lahat ng indibiduwal na papasok sa loob.

Paano beberipikahin ng mga negosyo at host kung fully vaccinated ang mga customer at dadalo?

Maaaring tanggapin ng employer o host ang isa sa apat na sumusunod na opsyon bilang katunayan ng pagpapabakuna:

1. Card ng pagpapabakuna (vaccination card) na ibinigay ng CDC o ng nasasakupan ng gobyerno sa ibang bansa na may kasamang pangalan ng taong nabakunahan, ang uri ng natanggap na bakuna, at ang (mga) petsa ng (mga) dosis kung saan ibinigay;
2. Litrato o kopya ng vaccination card nang naka-print (hardcopy) o naka-store sa telepono o ibang elektronikong gamit (electronic device);
3. Dokumentasyon ng pagpapabakuna mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, nang naka-print (hardcopy) o naka-store sa isang telepono o ibang elektronikong gamit (electronic device)
4. Personal na digital na rekord ng bakuna para sa COVID-19 na ibinigay ng State of California (na makukuha sa pamamagitan ng pagpunta sa <https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov/>) o katulad na dokumentasyong ibinigay ng ibang state, lokal o nasasakupan ng gobyerno ng ibang bansa

Tandaan: Dapat kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng lahat gamit ang photographic identification (ID) na ibinigay ng gobyerno, tulad ng State ID, lisensya sa pagmamaneho o passport.



Sino ang itinuturing na “fully vaccinated”?

Ang isang indibiduwal ay itinuturing na fully vaccinated dalawang linggo pagkatapos ng pangalawang dosis sa dalawang dosis na serye, tulad ng Pfizer o Moderna, o dalawang linggo pagkatapos ng isang dosis na serye, tulad ng bakuna ng Johnson & Johnson/J&J. Hindi kinakailangan sa ngayon ang mga pagpapabakuna ng booster para maituring na “fully vaccinated”.

Para sa kumpletong listahan ng mga lugar para magpapabakuna na malapit sa inyo, pumunta sa <https://linktr.ee/AlamedaCountyOHE> at para humingi ng tulong sa pag-schedule ng appointment para sa libreng bakuna, tumawag sa 510-208-4VAX (510-208-4829).

Paano kung walang photo ID ang isang menor de edad para tingnan bilang katunayan ng kanyang pagpapabakuna?

Kailangang pagsumikapang mabuti ng mga negosyo na matingnan ang katunayan ng pagpapabakuna ng mga menor de edad gamit ang ilang uri ng pagkakakilanlan. Halimbawa, kung walang ID ang menor de edad na ibinigay ng gobyerno, sapat na ang ID sa paaralan o pagbeberipika mula sa magulang.

Anong impormasyon ang dapat kunin ng employer o host sa lahat ng papasok sa loob, gaano dapat katagal panatilihin ng employer o host ang impormasyong iyon at kailangan ba itong isumite sa Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County?

Dapat kasama sa listahan ang pangalan at apelyido, impormasyon sa pakikipag-ugnayan (numero ng telepono at/o email) at kung fully vaccinated ang indibiduwal. Dapat panatilihin ng employer o host ang kumikilalang impormasyon sa loob ng **60 araw**. Hindi kailangang isumite ang listahan sa

Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County. Kung mayroong paglaganap (outbreak) ng COVID-19 sa pagtitipon, hihingiin ng mga sumisiyasat sa COVID-19 ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County ang listahan.

Paano naman ang mga taong hindi pa kwalipikado o may makatwirang dahilan para hindi mabakunahan?

Kung magpapapasok ang employer o host ng mga indibiduwal na hindi maaaring mabakunahan sa mga kadahilanan na tulad ng edad, umiiral na medikal na kondisyon o taos-pusong paniniwala sa relihiyon, ang lahat ng taong nasa loob ng pagtitipon ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa haba ng kaganapan.

Maaari bang payagan ang isang indibiduwal na nagkaroon dati ng impeksiyon ng COVID-19 o nasuring negatibo sa COVID-19 test na alisin ang kanyang mask sa kontroladong lugar?

Para sa mga layunin ng Kautusan na ito, hindi maaaring gamitin ang kasaysayan ng nakaraang impeksiyon ng COVID-19 o negatibong pagsusuri ng COVID-19 bilang kapalit sa dokumentasyon ng pagpapabakuna.

Anu-anong mga pag-iingat para sa kaligtasan ang dapat gawin ng mga negosyo o iba pang entity para payagan ang pag-aalis ng mga mask kapag nasa loob?

Para sa mga negosyo o entity na gustong magbigay ng panloob na lugar (indoor area) kung saan maaaring alisin ang mga mask, kinakailangan kahit man lang ang mga sumusunod na pag-iingat para sa kaligtasan:

1. Dapat fully vaccinated ang lahat ng nasa lugar kung saan maaaring alisin ang mga mask. Walang mga hindi kasama sa kinakailangan na ito (halimbawa, kasama rito ang mga batang hindi pa kwalipikadong mabakunahan at ang mga taong may mga dahilan na pangmedikal o panrelihiyon para hindi mabakunahan);
2. Hindi dapat hihigit sa 100 indibiduwal ang nasa mga pasilidad na ito. Ang mga taong pinapayagang pumasok sa lugar kung saan



maaaring alisin ang mga mask ay dapat regular na kabilang sa grupo na kasamang nagtatrabaho o kasama sa aktibidad. Walang mga bisita o iba pang bisita na papayagan sa lugar na iyon, kahit na may suot silang mask o fully vaccinated, na may limitadong eksepsyon na maaaring pumasok ang mga bisita sa lugar nang sandali lang (wala pang 15 minuto) at hindi kailangang magpakita ng katunayan ng pagpapabakuna pero kailangang magsuot ng mask sa haba ng kanilang pagbisita;

3. Tingnan ang [Pansamantalang Patnubay ng State para sa Bentilasyon, Pagsala, at Kalidad ng Hangin sa Lugar na Nasa Loob \(State's Interim Guidance for Ventilation, Filtration, and Air Quality in Indoor Environments\)](#) at magpatupad ng mga estratehiya kung saan naaangkop;
4. Ang mga naroon ay wala dapat mga sintomas ng COVID-19. Ang mga empleyado ay kailangan pa ring subaybayan ang sarili para sa mga sintomas ng COVID-19 at dapat manatili sa bahay kung may sakit sila at may bago o hindi maipaliwanag na mga sintomas hanggang sa sila ay masuri at dili kaya'y sundin ang mga panuntunan sa paghiwalay ng sarili (isolation) at pag-quarantine, kung naaangkop (pumunta sa <https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine> para sa higit pang impormasyon); at
5. Pinapayagan pa rin ang mga tao na magsuot ng mask anumang oras, kahit na sa lugar kung saan maaaring alisin ang mga mask kung mas kumportable silang gawin ito

Ano ang mangyayari kung mayroong paglaganap o transmisyon ng COVID-19 sa lugar?

Kung ang negosyo o entity ay mayroong transmisyon ng **COVID-19 sa lugar**, maaaring suspindihin o bawiin ng Opisyal sa Kalusugan ang awtorisasyon para magpatuloy ang isang employer o negosyo sa mga aktibidad sa loob nang walang suot na mask.

Paano kung may isang indibiduwal lang na hindi nabakunahan sa matatag na grupo na hindi nabakunahan dahil may mga dahilan na pangmedikal o panrelihiyon para hindi mabakunahan? Maaari bang mag-alis ng mask ang lahat maliban sa hindi nabakunahang indibiduwal?

Ang [Kautusang](#) ito ay hindi pinapayagan ang mga tao na mag-alis ng mga mask kung mayroong sinumang hindi nabakunahan na naroon, kahit na kung may dahilan siya na pangmedikal o panrelihiyon para hindi mabakunahan.

Naaangkop ba ang dahilan na ito para hindi isamang magsuot ng mask sa loob sa panrelihiyong institusyon na bukas sa publiko basta't ang lahat ng dadalo ay nabakunahan?

Oo, at ang panrelihiyong institusyon (halimbawa, simbahan, synagogue, moske, templo, atbp.) ay kakailanganing sundin ang sumusunod na tatlong hakbang:

- Kontrolin ang lahat ng pasukan sa pasilidad
- Pigilan ang pagpasok ng sinumang magpapakita o magsasabing nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19
- Magpanatili ng listahan para makilala ang lahat ng indibiduwal na papasok sa lugar

Tungkol sa limitasyon ng 100 tao, paano kung ang opisina ay may 150 empleyado, pero nagtatrabaho sila bilang mga team na binubuo ng mas mababa sa 100 tao? Maaari bang hatiin ng opisina ang mahigit sa 100 empleyado sa magkakahiwalay na palapag at nang sa gayon ang bawat palapag ay hindi hihigit sa 100?

Oo. Ang isang opisina o iba pang lugar ng trabaho na may mahigit sa 100 empleyado ay maaaring hatiin ang mga tauhan (staff) sa mga palapag o iba pang magkakahiwalay na lugar para magtrabaho (workspace) na may 100 o mas kaunti pang empleyado para payagang alisin ang mga mask sa mga lugar na ito,



basta't natututugnan ang iba pang mga hinihiling ng kautusan. Gayunpaman, dapat isuot ang mga mask sa lahat ng lugar na maraming gumagamit, kabilang ang mga hallway at conference room, kung ang mga empleyadong nagtatrabaho sa magkahiwalay na workspace na binubuo ng grupo ng 100 o mas kaunting tao ay magkakasama palagi sa parehong lugar sa parehong pagkakataon—anuman ang status sa pagpapabakuna.

Dagdag pa rito, dapat magsuot ng mask ang lahat ng nasa workspace kung papasok at naroon nang mahigit sa 15 minuto ang isa pang empleyado na mula sa kabilang workspace, anuman ang status sa pagpapabakuna ng bisita. Lilimitahan nito ang posibilidad ng pagkalat ng COVID-19 mula sa isang grupo ng mga empleyadong walang suot ng mask papunta sa isa pang grupo.

Kung papasok sa workspace ang isang tao na hindi alam ang status sa pagpapabakuna, kailangan bang magsuot ang lahat ng nasa workspace ng panakip sa mukha? Kung mabeberipika namin ang status ng pagpapabakuna ng bisita, maaari ba naming alisin ang mga mask?

Hindi. Kung papasok ang isang bisita sa kontroladong lugar kung saan walang suot na mga panakip sa mukha ang mga indibiduwal sa ilalim ng mga tuntunin ng kautusang ito, ang lahat ng taong naroon ay dapat magsuot ng panakip sa mukha anuman ang status sa pagpapabakuna ng bisita, na may limitadong eksepsyon na hindi kailangang magsuot ng mga panakip sa makuha kung papasok ang bisita sa lugar nang sandali lang (wala pang 15 minuto). Sa ilalim ng limitadong eksepsyon na ito, hindi kailangang magpakita ng katunayan ng pagpapabakuna ang bisita pero kailangan niyang magsuot ng mask sa haba ng kanyang pagbisita.

Ang lahat ba ng taong papasok sa kontroladong lugar ay kailangang masuri para sa mga sintomas ng COVID-19 bago pumasok? Maaari bang gamitin ng mga taong papasok ang pagsusuri ng sarili o berbal na patunayan na wala siyang sintomas ng COVID-19?

Dapat pigilan ng negosyo o host ang pagpasok sa loob ng sinumang indibiduwal na magpapakita ng o sasabihing may mga sintomas siya ng COVID-19. Maaaring maglagay ng sistema para masuri ang lahat ng taong papasok para sa mga sintomas ng COVID-19. Ang pagsusuri ng sarili at/o berbal na pagpapatunay ay tinatanggap na mga paraan para masuri ang mga sintomas ng COVID-19. Dapat magpaskil ng mga karatula sa labas ng lugar na nagtataguyod ng pagsusuri ng sarili para sa mga sintomas.

Kailan aalisin ang mga kinakailangan sa pagsusuot ng mask sa loob (Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Bilang 21-03)?

Mananatiling ipapatupad ang mga kinakailangan sa pagsusuot ng mask kapag nasa loob sa mga pampublikong lugar, tulad ng mga bar, restaurant at mga retail na tindahan hanggang sa matugunan ang [mga pamantayan para sa pag-alis ng mga mask kapag nasa loob](#).

Bilang employer, kailangan ko bang patuloy na sundin ang Mga Pamantayan ng Cal/OSHA para sa Pansamantalang Mga Pamantayan sa Emerhensiya sa Pag-iwas ng COVID-19 (Emergency Temporary Standards, ETS)?

Oo. Dapat patuloy na sumunod ang mga employer sa [mga hinihiling ng Cal/OSHA sa employer](#). Ang lokal na patnubay ay maaaring maging mas nagbibigay ng proteksyon at mas mahigpit kaysa sa mga hinihiling ng State.

Kautusan ng
Opisyal sa
Kalusugan
Bilang 21-04

Mga Kinakallangan sa Pagsusuot ng Mask para sa Mga Taong Nakumpleto ang mga Bakuna (Fully Vaccinated) sa Mga Limitadong Lugar kapag nasa Loob (Indoor Setting)



Ang [Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan ng Alameda County tungkol sa Panakip sa Mukha kapag Nasa Loob \(Alameda County Health Officer's Indoor Face Covering Order\)](#) ay mas mahigpit kaysa sa probisyon sa panakip sa mukha ng [ETS sa Pag-iwas sa COVID-19 ng Cal/OSHA \(Cal/OSHA's COVID-19 Prevention ETS\)](#), kaya ang mga employer ay kailangang sumunod sa hinihiling ng County sa panakip sa mukha at patuloy na sundin ang iba pang probisyon na nasa ETS sa Pag-iwas ng COVID-19 ng Cal/OSHA.

Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring mag-email sa

CovidRecovery@acgov.org



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

**Colleen Chawla – Agency Director
Klmi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer**

**Contact
Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line**

**COVID-19 Information:
(510) 268-2101**

www.acphd.org